# #HARAYA

LOUISE VINCENT B. AMANTE

Ngayon, narito siya sa malawak na bulwagan. Nagsasalaysay siya ukol sa isang panahong – sa kabutihang palad ay kanyang nalampasan – tigib ng pangamba.

Nagpataw noon ang haring maharlika ng isang batas na pumutol sa dila, dumukot sa mata, pumantay sa mga paa ng mga binansagang hayop at walang modo. Isa siya sa mga tinuring na kaaway ng hari. Nakapagkit sa kanyang memorya ang haba ng gabing iyon. Hinablot ng mga demonyo ang kanyang pagtulog. Tinadyakan siya sa puwit. Kinaldagan ang kanyang dibdib. Halos madurog ang kanyang mga daliri. Pinahiga siya sa bloke ng yelo. Ipinainom nila sa kanya ang alak ng pang-aalipusta. Dumadagundong ang halakhak ng mga salarin. Samantalang sa dako pa roon, nakikipagsayawan ang hari sa marikit niyang reynang doble-kara.

Ganito ang mga tagpo ng kanyang panahon. Kahit ilang tag-ulan na ang lumipas, nangingilid pa rin ang kanyang mga luha tuwing isinasalaysay ang mga pangyayaring iyon.

Habang ang marami sa kanyang mga tagapakinig – na ngayo'y hinehele ng mga retorika ng namamayaning daigdig – abalang-abala sa pag-click ng mga ila-like at ise-share sa Facebook na mga hulagway ng Batas Militar. #